Ibig malaman ni Schariar kung kasing-inam ng dalawang náuna ang kwento ng ikatlong matandā, at ipinagpabukas pa uli ang pagpatay kay Schesnarda.

Pagdating ng oras na kinaugalian ay sinabi ng Sultan: “Salaysayin mo sa akin ang kasaysayan ng ikatlong matandā. Alinlangan akong maging kagilagilas pa kaysa māga salaysay ng kanyang māga kasama.

“Pan̄ginoon ko” ang sagot ng Sultana, kailan ma'y dī ku pò nalaman ang kasaysayan ng ikatlong matandā, nguni't lubhā pong nápakamahalaga na tuloy pinatawad ng Henio ang mán̄gāngalakal at rawala't sukat na silang lahat ay natuwa't nasiyaháng-loob.

Paultit ulit ang pasasalamat ng Mángāngalakal sa nan̄gag adyá sa kanya, nan̄gagpaalaman at bawa't isa'y yumaon ng kanyan lakad, at ang Mángāngalakal ay maginghawang namuhay ng malaong panahon sa siping ng kanyang asawa't māga anák.

“Gayon mang kaayaaya ang māga kwentong ito”, ang dugtong ni Schesnarda, “ay hindi máihahalintulad doon sa buhay ng ‘Mángingisda’.

“Kung gayon “ani Diznarda, “yamang may

Maximo R. Santiago

Experto en el arte de colocar y arreglar el alme del Violin. Perfecciona y armoniza la voz de esta clase de Instrumento. Si no estais satisfechos del sonido de vuestros Violines que os han costado P15.00, 25.00 y P40.00 ó mas, él mediante procedimiento propio y en breve tiempo, lo perfeccionará, y lo armonizará pudiéndolos después compararse con los de P40.00, P55.00 y P90.00 etc. Traedlos y os convenceréis pues los experimentos hechos por él que dieron resultados satisfactorios y su experiencia que dura bastante tiempo en este arte permitenle presentarse al público especialmente a los que tocan esta clase de Instrumento.

Residencia: 80 Havana.
Sta. Ana, Manila, I. F.

Experto sa paglalagay at pagayos ng tukod o kaluwa ng Violin. Nakapagpababas ng lalong mainam na truog ng Violin sa pumamagtitulang sariling kaparangan.

Kung hindi kayo nasisiyahan sa tunog ng inyong Violin na nagkakahalaga ng P15.00 P25.00 40.00 o higit pa ay dalhin ninyo sa kanya at siya'y handang maglingkod sa inyo ng tungkol dito, at inyong makikita na pagkataspos ng kanyang madaling pagayos ay matutulad ito sa nagkakahalaga ng P40.00 P55.00 P90.00. Ang mga pagsubok na kanyang ginawa at ang mahabang panahon na kanyang ginugol sa pagtuklas ng lalong madating paraan sa pagpapalabas ng wstong tingig ng Violin ay siyang sanhing di niya ipinangimbing tumanggap ng ganitong gawain

panahon pa, ay isalaysay mo sa amin ang kasaysayang iyan kung ipahihintulot ng Sultan. Pumayag si Schariar at muling nanalaysay si Schesnarda.

(Itutuloy)

Pagpapatubig ng mga Bukiran

Hindi máitatanggí na ang tubig ay siyang pan̄gulong sangkap sa ikapág-aani ng marami. Ang magsasaka na umaasa na lamang ng dilig ng langít ay nagkakasiya sa panghahawak sa panahon, at karaniwa'y minsan sa isang taón kung umani, danggang mangyayaring umani ng makálawa ó makatatio kung may sapát na tubig. Ang kalakhang bahagi ng māga lupang bukirín ay nan̄gasatabí ng ilog, at sapagka't hindi sukat magawí, kungdī gamitan ng māga kaukulang kasangkapan ay isa ngāng magiging kapansanan sa māga magsasaka. Ang paraan ng pagpapatubig sa pamamagitan ng māga pabigat ay mabuti rin; nguni't pinaggugugulan ng maraming salapi at panahon, samantalang ang pagpapatubig ng “fuerza motriz” ó mákina ay madaling ilípit at magaang gamitin, at saka-ling dī na kailangán sa bukiráng pinalapatán

Sa māga Manggagawa sa Lupa

Kung ibig ninyo ng palagiang mapagtatrabahuan at ibig ninyong makapag-impok ng salapi ay pumaroon kayo sa káwanihan ng

The Hawaiian Sugar Planters' Association

135 Sn Nicolás.



Nadidilig ang Bukiran sa pamamagitan ng bombang "Centrifuga"
(Pahiram ug Pacific Commercial)

ay madadalá naman sa ibang bukirán, na isa n̄gāng malaking kapakinabangán. Ang paraang ito ay nakakaya lamang n̄g malalaking sana-hán. N̄guni't may isa pang paraan, na dili iba't ang sa m̄ga bomba, na magagamit ayon sa paraang ibigin n̄g may-ari at ito n̄gā ang kapalaran n̄g m̄ga walang gasinong kayang mag-sasaka. Ang dī n̄gā makagamit n̄g mákina ay magsumikap gumamit n̄g n̄gā bomba.

Talastas natin na walâ nang mabuting paraan na gaya n̄g magkaroon n̄g sapat na tubig ang bukid, at ang m̄ga panibagong aní ay hwag iasa sa m̄ga tanghaling ulán ng alin mang taón: kaya't totoong kailangán ang isang paraan n̄g pagpapatubig sa m̄ga bukid na itinatalagá sa m̄ga pagtataním n̄g palay, tubó, ibp.

Ang urí n̄g bomba na walang gasinong gu-gol at lalong mabisá sa m̄ga bagay na ito ay ang "Centrifuga". Nagagamit sa kaonting gu-gol at náipangkuha n̄g lalong hígít na dami n̄g tubig kaysa alin mang ibang urí n̄g bomba. Ang m̄ga bomba n̄g uríng ito ay náipang-

kukuha n̄g tubig sa sarisaring paraan, maging sa pamamagitan n̄g "motor de vapor" at maging sa ibang paraan. Ang m̄ga bombang ito ay sarisari n̄g lakí mulâ sa 1½ na may pang-itít na 2 dalí at ang pangbugá ay 2 ring dalí ang lakí hanggang sa bilang na 12 na ang lakí n̄g pang-itít ay 15 dalí at ang lakí naman n̄g pangbugá ay 12, na ang kaya ay mulâ sa 70 hanggang 5000 galon sa bawa't minuto. Ang lakas na kailangán ay ayon sa lakí n̄g bomba at ayon sa taas n̄g pagdadahan n̄g tubig.

Isa sa lalong mabuting paraan na dapat paggugulan n̄g magsasaka ay ang pagtatangkilik n̄g m̄ga bago at mabibisang mákina. Yaong m̄ga magsasakang nangakinig sa ganitong mungkahí ay nangakinabang na n̄g marami.

Taóntaán ay nangagkákasakitan ang m̄ga hayop na pangbukid sa iba't ibang dako nitong Pilipinas at upang hwag ikapinsalá ang pagkukulang n̄g m̄ga hayop lalong lalò na sa

⊕ ENGRACIO DE ASIS ⊕

Nagpapasanglá n̄g alahas, at ibp.
Murang magpatubò, mahal humalaga. Bu-kás kahi't araw n̄g pista.

Daang Azcarraga Blg. 1339, Kanto ng Benavides, Trozo.
TEL. 3396. Maynila.

CARLOS ORTIZ

OPTOMETRA EXAMINADA

MANGLILITIS NG MATA.

24. Escolta,

Ang m̄ga kasangkapan ay ayon sa bagong panahon.

TEL. 939.

may malalaking bukirán, ay mabuting gumanit ng mga kasangkapang mákina.

Ang kalakhang bahagi ng mga palayán dito sa Pilipinas ay malapit sa mga ilog at mga bangbang at madali ngang paglapatan ng bomba.

Pagkatapos ng pag-aani, ay mabuting gumanit ng isang mákinang panggík, na siyang mabuting paraan upang walang masayang, at seká ang gugol ay lalong kaontí kaysa dating paraang paghahampás o pagpapatapak sa hayop.

FILIPINA

Ang ikatlong bilang ritong mahalagang páháyagan ay tinanggap namin. Maraming maiinam na lathalà na gaya ng "Ang kahalagahan ng Pagbabasá, Isang Bagong Hanap-buhay para sa mga babae, Ang músika, Ang ating Bayan sa harap ng Digmaan, Ukol sa katawan ng tao, Ukol sa Dakilang Asal, Ang Pámahalaan at iba pang mga makabuluhang lathalá. Magsisuseribí kayó at inyong kátutuhan ng maraming bagay.

Kasaysayan ng Bwan ng Agosto

Sa paglilibíng kay Sesar ay nanalumpati si Marco Antonio na isa sa pinaka matalik niyang kaibigan. Kanyang itinaas ang balabal ni Sesar upang ipakita ang lahat ng saksak ng tabak doon. Ang bayan ay namanglaw ng dí kawasà at tuley ikinahiyâ nila na kanilang pinag-akalaang pataýín sina Bruto at Kasyo. Nlisán nila ang Roma upang maligtas ang kanilang buhay. Pinag-isip ng bayan kung mabuting si Antonio ang ihalile kay Sesar, samantalà namang sa hakâ ni Antonio ay maáari siyang humalile kay Sesar.

Si Antonio ay handâ nang magharí ay siyang pagdating ni Octavio sa Roma. Ito'y apó ni Sesar, at ayon sa pahimakás na bilin nang kanyang nundó ay siyang inihabiling magharí. Sinikap niyang mapagbigyang lugod ang bayan, na nagpagawâ ng mga libangan na kápapanooran

THE WILLIAMS FASHION TAILORING
SASTRERIA DE G. MASIGLAT
221 PLAZA STA. CRUZ

1928

Se recibe toda clase de trabajos concerniente al ramo de sastrería. Espero pues se sirva Vd. honrarme con su confianza utilizando mis servicios en esta sastrería por lo cual le doy anticipadas muchas gracias.

ESPECIALMENTE MODERNO

G. Masiglat.

Gregorio Yu-Chuco y Herederos

ALMACEN DE TEJIDOS
Y MATERIALES PARA ZAPATERIA
Y CHINELERIA.
Calle San Vicente Nos. 219 y 221. TEL. 1401

MANILA & ILOILO.

ng mga hayop na puñapatay ng tao. At noon, sapagka't kapos ng salapí upang pagbibigýán ng tigsasangpung piso ang bawa't mámamaya ayon sa bilin ni Sesar ay ipinanáutang ni Octavio.

Ang ibig ni Antonio ay siya ang magharí; nguni't anáng pasiya ng kapulungang bayan ay dapat sundin ang pahimakas na bilin ni Sesar. At isang lalaking nagngangálang Cicerón na mabuting manalumpati ay laging nanalitá ng laban kay Antonio at sinikap ang lahat ng ikagaling ni Octavio. Si Antonio ngâ ay napilitang umalis, at bagaman lalabíng siyam na taón ang gulang ni Octavio ay ginawang konsul.

Si Lepido na gobernador sa Espanya ay siyang umampon kay Antonio. Hindi nagtagal at dinalaw sila ni Octavio at noon ngâ'y nagkasundô silang tatlo,—si Lepido, si Octavio at si Antonio—na bumuô sila ng isang *triunvirato*, na ang ibig sabihin ay pamamahalâ ng tatlo.

Sila sa simulâ ay naging masamâ at mabagsik, sapagka't kanilang pinagkaisahan na ang ibig uila ng ipapatay ay papatayin: anopa't pag may nagsabi kay Lepido na kinapopoootan niya si Gayon at sinang ayúnan nito ay walaag salang mamamatay. Siyang ginawâ ni Antonio sa kanyang amaín, at gayon ipinapatay ni Octavio si Cicerón na isang taong lumíngap sa kanya ng dí kawasà.

Sa ganito ring paraan pinag-usig nilang tatlo sina Bruto at Casyo dahil sa pagpápatay kay Sesar at dahil sa pagbabangón ng isang hukbo laban sa Roma. Kanilang nátagpuan at kinalaban. Ng makita nina Bruto at Casio na sila'y nadadaig ay nanággapakamatay sa sarili.

SOMBRERERIA

NI

V. LIWANAG

Binundok, Juan Luna 351

Puhunang tagalog at yari rito

Tangi sa pagpapaputí at pag-aayos ng kahi't anong anyong ibigin.

Nagbibíllí ng mga barong lalake, kwelyo, panyô, korbata, ibp.

Sila'y dì pa rin nasiyahan: kaya't si Antonio ay napasa Ehipto upang parusahan si Kleopatra n̄g dahil sa pagtulong nito kay Casio; n̄guni't n̄g magtagpô sila ay nawalâ ang kanyang galit. Si Kleopatra ay nakalulan sa isang daâng na nababalot n̄g gintô, na may m̄ga layag na kuluiy ube at m̄ga panggaod na pilak. Ang m̄ga gaod ay itinutugmâ sa isang masayang tugtugin samantalang ang boong palibot ay pinasalimuyakâ n̄g m̄ga pabalô. At si Cleópatra ay nakapanamit n̄g suot Venus at naka koronang gintô.

Si Antonio ay sumama sa kanya n̄g pag-balik sa Ehipto. Nanirâ siya roong malaon na dì na niya inalala ang Roma. Karaniwan ay naggugugol sila n̄g maraming salapî sa pagkain. Mânsan ay walâ silang inâisipang kainin at kinuha ni Cleopatra ang isang megandang perlas sa kanyang teyna, tinunaw sa sukâ at siyang ininom.

Si Octavio ay nákasirâ ni Lopido: anopa't walang natirang nagpundô sa Roma liban kay Octavio. Siya'y minahal n̄g bayan na tuloy binago ang kanyang pangalan na ginawang Augusto, na, sa katagang sabi ay mahal na tao, kagalanggalang.

Noon, may m̄ga taong nagsaloob na yamang ang isang bwan ay pinangalan sa karangalan ni Julio Sesar ay mangyayaring ikagalit ni Augusto (Octavio) na dì pangalan ang ibang bwan sa karangalan naman niya. N̄g panahong yaon ay pinagsisikapan n̄g m̄ga tao na inakapagbigay lugod sa kanilang punô sa pangâmbang bakâ sila'y pugutan n̄g ulo o kulunçin sa isang madilim na bilangguan: Kaya't pinasiyahan n̄g m̄ga taga Roma na ang ikaanim na bwan ay panânglang Agosto na pinakaparaâng kay Augusto.

At mulâ noon, ang ikanin na bwan ay pinangalanlang Agosto. Gayon man ay dì pa rin siya nasiyahan; sapagka't anâng ibâ ay bakit ang Hulyo ay magkakaroon n̄g 31 at ang Agosto ay 30 lamang, at upang hwag maalangân ang bwan ni Augusto sa bwan ni Julio Sesar ay bi-

Ngayo'y panahon ng "Sakit ng Ngipin"

Kung hahanap kayo ng DENTISTA ay tunguhin ninyo si

Dr. A. Vergel de Dios
447 EVANGELISTA.

Walang sakit na gumamot o bumunot.

nawas nila ang isang araw sa Setyembre at iniukol nila sa Agosto. At ito ang dahil kung kaya't ang Hulyo at Agosto ay kapwâ may tatlong pu't isang araw.

Ang kanyang kapangânan ay hindî rito sa bwaw n̄g Agosto; n̄guni't lahat iñg pinakadakilang bagay niya sa pamumuhay ay nangyari sa bwang ito. Sapagka't sa bwang ito ginawâ siyang Konsul. Sa bwang ito nagdiwan siya n̄g tatlong pagtatagap ang kanyang m̄ga kawal. Sa bwang ito naglikat ang kanyang m̄ga pakikidigmâ. At sa bwang ito si-nakop niya ang Ehipto.

Si Augusto ay isa sa naging mabuting emperador n̄g kabarian n̄g Roma, dahil sa panahon niya naglikat ang m̄ga pagdidigmaan: kaya't ang dating pintuang bayan sa templo ni Hano ina matagal na panahong bukas ay isinârâ noon.

Si Augusto ay nagpatayô n̄g maraming magagandang bahay at templo. Karaniwan niyang sabihing: Nasunpungan ko itong bayan n̄g laryo at aking pinapagîng marmol. Nagtatâg siya n̄g m̄ga aklatan at pinag-ukulan niya n̄g lingâp ang m̄ga aklat. Sa panahon n̄g paghahari niya namuhay si Horacio at si Virgilio, na m̄ga dakilang mânunulat. Ang kanyang paghahari ay pinangalanlang Gintong panahon.

Labing pitong taón bago namatay si Au-

"GERMINAL"

Samahâng ganâp na pilipino sa paggawa n̄g tabako't sigarilyo.

PAGBABA NG TULAY NI AYALA, MAYNILA, K. P.

Bantog sa inam at sarap n̄g kanyang m̄ga yari;

Bantog sa pagdamay sa m̄ga sakunâ n̄g Bayan; at

Bantog sa pangunâna sa maraming tanghalan.

Tikman ninyo ang m̄ga may sagisag na:

Germinal, Katagalugan, Kapisanan at Floreal.

gusto ay ipinanganak sa isang sabsaban sa Belen (Bethlehem) ang ninyo Hesus: anopa't sa panahon ng kanyang paghahari nagkatawang tao ang dakilang Mánunubos nitong sangdaigdigan. (*Basahin sa susunod na bilang ang kasaysayan ng bwan ng Setyembre.*)

Mga kurokuro tungkol sa pag-ibig

(*Sinipi ni Batang San Isidro sa iba't ibang aklat at páhayagan*)

(Ang mahalagang pagkukurong itó na sadyang tinipon para sa PATNUBAY NG BAYAN, ay malugod na in hahandog kay Bb. Librada C. Manuel, magandang paraluman ng Kap. "Kami Naman Ngayon" sa San Isidro, Nuebu Esiha.)

"Ang gawang umiig ay dí nalalaban sa alin man batas; ni ng sa itaas, ni ng batas dito. Pagka't ang pag-ibig ay turò ng Dyo, isa sa lalò niyang malalaking aral, at isang damdaming kapitapitagan, kaylan man at wagas, isang gawang banal na dí nalilikha, kungdí katutubò si alin mang pusong marunong dumamdam".—*Batang Simoun.*

"Ang pag-ibig lamang ang tumutuklas ng kapwà pag-ibig at naghahatid sa katamisan ng isang buhay na kapuripuri't pinagpapalà ng lahat".—*C. Chaves.*

"Sa ibabaw ng kapangyarihan ng bulag na pag-ibig ay dapat mapatong ang taalang tagahatol sa mga gawi ng tao: *isip, loob at damdamin*".—*Max. de los Reyes.*

"...Sa panahong ito'y marami sa mga panitik ang walang níilalahad liban na lamang sa mga kasaysayan ng pusò"....—*Engracio L. Valmonte.*

"Sino ang may sabing ipagkakasala ang gawang magtapat ng wagas na sinti? Sino ang nanakong kanyang mababata ang dagok ng hapis at ulos ng dusa?"

Elang de los Reyes.

"Hangga't lalong umiibig ang isang tao ay lalong nagdurusa at lalong lumulupit ang pag-irog habang ito'y nagsisikip sa ating pusò".—*José Palma.*

"Pag-ibig ang hindi marunong gumalang

LIBRERIA Y PAPELERIA

DE

P. S. Viuda de Soriano.

Rosario 225 y Plaza del Conde No. 1008, Binondo.

Nagbibilí ng mga aklat sa tagalog, kastila at inglés; ng mga kuaderno, pluma, lapis, tinta, papel at ibp.

Boong giliw na tinatanggap ang lahat.

sa kanya ay walang dukhâ at mayaman Pawang pantaypantay at dí matutulan pag nakikituloy sa pusò ninoman".

Elang de los Reyes.

"...Sa kaligayahan nilalasap ng mga tao ay iisá lamang - ang nápapatangi: *ang umibig at máibig noman*".—*Remtrid.*

"Kung pinagtibitab ang isang pangakò ng isáng babai sa kabyak ng pusò ay daig ang hiyas na magandang gintô at dí masisirà ninomang palalò".

Juan Rivera Lazaro.

"Pag-ibig ay isang halamang dakilà na dí maaaninaw kahi't sa gunitâ ang idinidilig masaklèp na luhà o kaya'y pagsuyò na walang kamukhâ".

Elang de los Reyes.

"Ang luhà ng mata ay luhà ng pusò na dí mangyayaring magisa't masugpô ang luhà ng mata sa kanyang pagtulò may sa pagdaraya pagliyag, pagulol at paninibughô".

José M. a Rivera.

"Ang mga pangako't dakilang sumpaan Pagtagis ng una't mga kapanglawan Pawang napapawi't nangalilimutan".

Antonio D. Paguia.

"Ang sintà ng tao'y parang sugál lamang manalo't matalo sa pamumuhunan dalaga't bin'ta'y nagsasapalaran kung matalo'y palad kung manalo'y buhay".

Lope K. Santos.

"Bulaan, bulaan pag dí ngâ humibik pusong busabusin ng isang pag-ibig palibhasa iyan kamandèg ay labis kapagka namugad sa alin mang dibdib".

Elang de los Reyes.

"Ang babaing maganda ay isang malaking tuksó, nguni't tuksong nakahahalina at dí na-kakayamot".—*Gerardo Changko.*

"Ang pag-ibig na wagas at katutubò ay dí kumikilala ng kanyang hanggahan".—*Remtrid.*

• PASANGLAAN •

NI

FAUSTO O. RAYMUNDO.

Daang Ilaya blg. 641-645 pagliko sa Aceiteros, San Nicolás, Maynila.

MATAAS humalagá sa isinasanlà, MABABA ang patubo. MADALING pagsanlaan at gayon din kung tubusan.

Nagbibilí ng mga hiyas na BRILLANTE, PERLAS, GINTO at PILAK sa halagang lalong mura.



Lahat ay Sigarilyong Virginia

Piedmont
Ang Sigarilyong mainam

Kneedler Bldg. LIGETT & MYERS TOBACCO Co. Manila.

“Ang mataos na pag ibig ay katulad ng pag ibig ng bulag sa araw, paris ng pag ibig ng isda sa tubig gaya ng pag ibig ng banal sa Dyos”.
Ric. A. Clarin.

“Sa salitaan ng mga pusô ang pupô ay di pagibig, sa lambinhan ng magsing irog ang pitagan ay pagkutya”. —Lope K. Santos.

“Ang pagibig kung minsay maítutulad sa isang payapâ at masayang langit at kung minsan nama'y sa isang impyerno ng kalulwa”. —Matanglawin.

“Ang pagsubok nasa nag-iibigan, ang pagtarok ng loob ay karaniwang gawin ng isang umiirog ng taos at wagas”. —Mahiwaga.

“Sa matalik na pagkikilala'y karaniwang nagbubuhat ang mataos na pag ibig”. —Medano.

“Tulad ko'y bulaklak na biglang hinagkan ng hamog na mulâ sa kaitaasan tulad ko'y bilanggong sa isang kulungan ng mga parusa'y biglang pinawalan”. —Pascual de León.

KUPONG MAHALAGA SA BAWA'T PAKETE

Ang kaarawang takda sa mga kupon ay pinalawig hanggang sa ika 30 ng Hunyo ng 191.9

Ang mga Hiwaga ng Inkisisyon sa Espanya

Sinulat ni M. V. de Ferreal.

Salin ni S. G. Calderón

(karugtong)

XI.

—Tena sa loob—anang patuloy ni Arbues: —Enriquez, salaysayin mo sa akin ang iba't ibang bagay sa iyong pamamahala. Anong lagay ng mga pagkakamal sa pananampalaya?

—Among lumalaganap po sa isang paraang kakilakilabot; ang mga kombento man po ay di rin malinis sa salot na ito.

—Dyadlo! —anang inkisidor,—kailangan ayusin at palakasin ang loob ng mga katoliko, na ipalagay na mga “erehe” (o may maling pananampalataya), yaong lahat na di magsakdal ng “erehiya” (o maling pananampalataya). Sinosino ang dinakip ng linggong ito?

—Tila pô mandin labing lima ó dalawang þú.

—¿Kalagayán?

—Ang mga ito pô: dalawa ó tatlong doktor sa teolohiya na anila'y may kulang daw pô ang lagdang latin nô Vulgata, at ang mga iba pa pong kagaya rin ni a nô pagisip, na kung-wa'y nagpapanggap na mga katóliko ay mga masikap na alagad ni Martin Lutero.

—May ilán sa mga una na kinaapoopootan ko nô gayon na lamang. Nangápaka palalô na ginugugol ang kanilang boong nalalaman at ang kanilang boong katabilán upang iguhô ang kapangyarihan nô inkisyon. Si Juan de Avila, si Luis de Granada, si Juan na nagbabansag na Juan de Dios at ang iba pang mga tanghal na kung magpanggap ay mga apostol, at kung mangyayari ay patatawag na mga martir upang pasapitin sa kaibuturan nô kaloooban nô mga tao ang mga isipang panghihimagsik at pagasasariñ... Nguni't isinusumpâ ko kay Kristo, na mangápapariwarâ....

—Among—aní José, —¿dî ba kayâ mapatahimik ninyo sila?

—Oo—aní Pedro Arbués: —Yamot na ako riyan sa mga pangangaral na walang humpay, na ibinubuyó ang bayan sa adhikâ at tapang sa ikalalayâ. Ang mga taong ito ay nangâgkukunwang mahihinhín at mga mapagpakumbabâ upang maging malalakas, at sila'y pinaniniwalaan nô bayan, sapagka't nangâbabantog sa kanilang pananalitâ; nguni't itunay na Dyos!. Ang bawa't salitâ nila sa kanilang pangunugusap ay isang tagâ sa pulpito ni San Pedro, at kung nababatid nô Kinatawan ni Hesukristo ang mga tunay na layon nô Iglesia, ay pababayaan akong kumilos nô malayâ laban sa kanila, at ipasusunog ko sila, sapagka't sila'y mga talagang *erehe* (1), at bagaman nanâgagpapanggap na mga taga iglesia, ay hiwalay nô boong puso't kaloban sa iglesia nô Roma.

—Among—anâng malamig na badyá ni José, —upang maparam ang punò ay kailangâng bunutin ang mga ugat; habang may nabubuhay na isang *erehe* sa Espanya, ay lilitaw at liliang *erihîya* na gaya nô mga halamang iyan at kailangâng hwag mag-iwan sa lupâ ni katiting na ugat.

—Isasaayos natin —ang tungon nô inkisidor,

EL BUFETE SOTTO

Se ha trasladado á la Plaza McKinley, N.º 47, altos de la "Consolidación Nacional."

Teléfono 616.

—at sa pangalan nô Birhen! ay magsisitayô tayo upang igumon sila sa lupang kinaroroonan nila.

—Walâ pong magagawang marami sa pama-magitan nô Dyos—anâng paimbabaw na bigkas ni Enriquez; —ito po'y naisip ko na.

Si ganitong pagsasalitaan ay nakarating sa pintuan nô kwarto nô inkisidor.

—¿Sasama ka ba, José? aní Arbués.

—Patawarin ako nô inyong kamahalan, kailangân pong maghandâ ako nô isang sermon para bukas.

—At pagkatapos nô iyong sermon, sasamahan mo ba kamí sa kombento nô mga Carmelita?

—Lubos pong nátatalaga ako sa ipaguutos nô inyong kamahalan —ang sagot nô minamahâ na kasabay ang pagpapaalam sa inkisidor.

Si Arbués at ang bagong gobernador sa Sebilya ay nagsipasok sa kwarto.

Si José ay yumaon.

Nô babagtasin niya ang pintuan nô palasyo nô inkisyon, ay nakita siya nô isang babaing nakaluto, at palibhasa't siya'y suót dominiko ay sirapantahang kaanib siya nô inkisyon: anopa't lumapit sa kanya na nakaduúp ang mga kamáy, at sa pananalitâ'y napagkilalang naghihirap ang kaloohan.

—Kagalanggalang na ginoo —aniya, —maari pu bang mákausap ko si G. Arbués.

—Sino pû kayo? —ang pahanâng tanong ni José; —¿anong sadyâ ninyo sa inkisidor? —

—Ibig ku pung iluhog si kanya ang buhay nô aking amâ —ang sagot nô dalagang nababaklâ; ang aking amâ na walang sala at nasasakdal sa salang *erehiya*; ang aking amâ na dating gobernador sa Sebilya, at nôayo'y....

—¡Dolores! —ang nabukâ sa bibig ni José, na minamasid niyang maigi ang mukhâ nô dala-nga na bahagyâ nang nakalitaw sa nakatakip na lambong.

KATUBUSAN PAGAWAAN NG TABAKO'T SIGARILYO

Daang Clavel 501, Binunduk,

TEL. 8524.

Ang pagawaang ito ay puhunan nô mga manggagawâ at sa mga pilipino na itinayô sa ikagagaling nila at nô bayan: kaya't kailangâng linâgpin natin yamang ang mga yari rito ay isa sa mga pinakamainam, maging sa matabang at maging sa matapang na lasa nô tabako't sigarilyo.

Siya nô nating hititín.

THE AMERICAN BIBLE SOCIETY

503 AVENIDA RIZAL.

Nagbibili ng mga Biblia sa iba't ibang wika. Inyong pagsadyain at pagkakalooban kayo ng ayon sa halagang taglay ninyo.

— Ano't nalalaman ninyo ang aking pangalan? anang badya niyang nanaginginig.

— Dolores Argoso—anang patuloy ng dominiko sa isang pananalitang magiliw at mahinahan, — hwag kang lumapit sa bahay na ito, sapagka't ang mäsusumpungan mo rito ay kasiraang puri ó kamatayan.

— Bakit ninyo nalalaman? — ang tanong niya na nanagingilabot.

Ipinagsama ng dominiko si Dolores, na dí tumutol ng pagsunod.

— Halika, kawawang dalaga—anang baguhan, na nagmanad ling inilalayó siya sa palasyo ng inkisidor; — halika, at kung ibig mong manatiling malinis at máligtas ang amá mo, ay magtaggó ka. — Oh kawawá ka! isa abá mo kung makita ka ni Pedro Arbues!

— At kung gayon! — aniya na nagtaglay ng kaonting pagtiwalà sa malamlam at magiliw na pananalitá ng dominiko, — Ano pong dapat kong gawín upang máligtas ang aking amá? —

— Magtaggó ka, ipaubayà mo sa akin at ako ang bahalang kumilos—ang sagot ni José. — Oo, Dolores, ipabahalà mo ngá sa akin.

— Sa inyo pô? — aniya, na siya'y nápapataka na kanyang pinagmamasdan, sapagka't naalala niyang ang kanyang kausap ay kagawad ng inkisisyon.

— Oo, sa akin—anang mapanglaw na sagot; — sa akin, na, sa loob nirsng sawíng palad na ábito ay taglay ko ang isang kaloobang mahabagin.

— Nápakabatá! — inisip ni Dolores, na, sa malamlam na liwayway ng gabí ay nápupuna ang kanyang magagandang kamáy at marangál na mukhá.

— Oh Dyo! — bakit pû kayo dominiko? —

— Kaipala'y upang máligtas kita—anang nababagbag na pananalitá ni José; — paniwalaan mo ako, Dolores, at hwag mong sayangin ang panahon sa pag-uusisá ng mga hiwágá ng aking buhay: ang ábito kung minsan ay isa lamang balat-kayò na naglilingid ng mga sugat ng pusó. (Ipagpapatuloy.)

Carlos F. Malfort

FOTOGRFO

SAN FERNANDO 940, BINONDO, MANILA.

Sinomang ibig paretrato ay maaaring tawagin siya sa sariling bahay ó kaya'y pagsadyain naman siya sa kanila.

Ang Dalagang Tagabukid

Ang maralitang tulang ito'y ini-hahandog ko ng buong puso sa mahinhinlang binibini na sítá Lueneng Alkanar at Rossy P. Aquino at sa mga katotong Girasol at Ilag-Tala.

Sa Ilaya ng nayon ko'y meroon kang makikitang Isang linang na malawak at bukiríng lubhang patag Na libot ng mga sapà't kawayanang mabubulas. Sa dakong gitná ng linang ay may mæregang mamamalas Na wari ba'y pinapangkol ng sampalok at anunas.

Pagkatawid mo sa sapà ay agad mong masisilip Na, sa sulib ng punong mangga'y may dampang nakatirik, Lumapit ka't mamamalas mo'y bakurang sakdal linis Na tigib ng mga gulay: patola, upo t kamatis At sa ulunán ng dampa'y mga labanos at mimis.

Sa hagdana'y patao ka t maliksi kang dudunágawan Ng masipag na dalaga at magandang paraluman, Papapanhikin ka niya't aalayan ng upuan Sa loob ng dampá nilang maliwalas at mainam. Patatabukihin ka't itatanong ang iyong pakay.

Pag nalamang ang nasà mo'y huminingi ng gúlayin Ay agad kang ikukuha't sa iyo ay ihahayin. Kung palay ang kailanga'y magtapat ka at magturing Kahi't na il ng kaba'y di ka niya hihiyain Nguni't igagalang mo lang ang kaniyang pagkabirhen.

Sa pasudlong ng tahanan ng dalagang taga Bukid Ay pilit na mawiwili ang mata mo sa pagtitig Sa nagbiting mga binhi na sa linang ay panghasik; Sa ilalim ng páhaga'y mga supot ng malagkit, Ng nutaw, mustasa, batad, kibol, dawa't perhulis.

Ang gíwain ng dalaga'y kung panahon ng tag-ula'y Magtanim ng mga binhing sa panaho'y nahihiyang Pag ang ulan ay malakas at sa kanya'y gumiginaw Ipinipnid ang pintua't sa tabí ng dírungawa'y Mauupô, mananahi't magaawít ng kundiman.

Ang dalagang Taga-Bukid kung magmahal ay dalisay Sa kasuyong bagong-tao se dangal niya'y nágalang Pag siya'y pinaglaruan ng binatang kasíntahan Umasa ka't pihongpilihong uutang siya ng buhay Bago siya pumatungo sa malamig na libingan.

Ang dalagang Taga-Bukid ay malakas at masipag Maliksi kung gumawá at mabanayad kung mangusap Pagka't natatalos niyang ang babaing tsipandas Ay malimit na masadlak sa mga dusá't bagabag. Ang dalagang Taga-Bukid ay matapung: walang gulat...

TO. G. ODNUMSEG.
Sa "Lakas ng Panulat."

BAHAY SANGLAAN

NI

ZARIAS DE GUZMAN

Daang Villalobos 144, Kyapo. Tel. 3595.

Mabuting maghalagá sa mga hiyás, na gaya ng mga brilyante, perlas, gintô at iba pang mga bagay na may halagá. Mataas ang turing sa mga pagtasa, magaan ang patubò.

Aklat na Patnubay

Ang "DIRECTORIO FILIPINO DE CORNEJO" ay tapós na sa limbag an. Ang aklat na ito ay naglalamán ng totoong maraming mahalagang bagay, gaya ng kasaysayan at heograpya ng Pilipinas sa isang maikling pananalaysay, ang talaan ng mga lansangan, pook, bayan at lalawigan nitong Pilipinas sangpū ng mga namiminunò sa ito, at gayon din ang maraming bagay na dapat malaman ng madlā hingga sa pagsasaka, pangangalakal at iba't ibang pagkabuhay, sakâ ang ayos at kapakanán ng mga kágawaran at kawanihan ng ating Pámahalaan. Sumulat kayo agad kay G. CORNEJO at ng hwag kayóng maubusan.

Kasaysayan ng Kasalukuyang Digma

(karugtong)

ANG UNANG LABANAN AT ANG PAG-URONG NG MGA PRANSES

Sinipi sa Bailly-Bailliere

Pagkatapos makalunsad ng hukbong alemán sa hanay ng Aix-la-Chapelle-Malmédy-Tréves-Metz Strasburgo, ay nakasulong ng dī kawasa.

Ang mga kutà ng Lieja, na ang káhulihulan sa mga ito ay dī sumukò kungdī noong ika 15 ng Agosto ay paraparang niwaláng bahalà ng heneral von Kluck (sa unang hukbó), at lumagpas ng Mosa, nakipamook sa mga kawal belga sa Aerschof at sinakop ang Bruselas noong ika 20 ng Agosto.

Ang ilog sa Huy ay tinawid ng heneral von Bulow (sa ikalawang hukbó), mulâ sa lalawigan ng Eupen upang makarating sa dakong pinaglabanan noong 1815 at pagkatapos ay makalipat sa hanay ng dakong Sambre, sa pagitan ng Namur at Charleroy.

Ang heneral von Hausen (sa ikatlong hukbó) at ang duke ng Wurtemberg (sa ikapat na hukbó) ay nagsilipat sa Dinant at Neufchateau

mulâ sa himpilang Malmédy—Saint-Vith, na nagipamagtas sa dako ng mga Ardenas.

Sa gawing kaliwâ nila ay humanay ang ikalimang hukbó (ang sa kronprinz ng Prusya), na nanâga sa Tréves at Metz, na bumagtas sa Luxemburgo.

Sa silanganan ng Metz ang hukbó ng Kronprinz ng Babyera (na ikanim na hukbó) ay nagpatuloy ng lakad laban sa hanay ng hukbong pinangungulahan ni Castelnau, na noo'y napapanaganib ang dakong kanan sa heneral von Herringen (na ikapiteng hukbó) at ang dakong kaliwâ ay napapanaganib sa mga kawal na nanâga trincherâ ng Metz. Sa dakong ito nagsimulâ ang kilos ng madlā noong ika 20 ng Agosto.

Ang mga kawal pransés na páminsang si-nalakay sa tatlong dako ay hindî nakapagpatuloy ng pagsulong. Ang isang pulutong ng hukbó ay napaurong at siyang nakapinsâ sa boong hanay. Sa tulong ng mga saklolong buhat sa himpilan ng Toul at sa hukbó ng Duboil ay nakipaglabang maigi ang heneral Castelnau at napigil ang mga kaaway sa pook ng Nancy at sa Mortagne noong ika 7 ng Setyembre.

Sa gawing kaliwâ, ang ikatlo at ikapat na hukbong pransés ay nakipamook sa mga alemán noong ika 21 at ika 22 ng Agosto sa Luksemburgo ng Belhika. Ang dakong yaon na totoong magubat ay hindî nababagay sa hukbong kâbahan ni sa mga kawal sa himpapawid at ang mga kawal na nagpapaputok ng kanyon ay walang magawâ. Ang mga kawal pransés (na lakâd) ay napipilan ngâ sa ibâ't ibang dako at sa dami ng kaaway ay napaurong sila sa may hangganan.

Sa pag urong na itó ay nálantad ang hanây sa dakong kanan ng ikalimang hukbong pransés, na, ng makalagpas sa Charleroy at Dinant ay halos nakarating sa Namur.

Ang pulutong ng mga kawal na ingles na naglalagalág, sa paununôd sa kilusan ay nagipit ng boong hukbó ni Von Kluck at noong ika 26 ng Agosto ay nápasa pangganib sa pagitan ng Landrecies at Cambrai, na naghirap ng dī kawasa sa pag-iwas sa salakay.

Nagbago ang boong anyô. Sa mga kaonting kalamarâng ng mga unang araw ay nahalinhan ng sunodsunod na pagkabigô lalong lalo na sa harapang ng labanán. Anong gagawin ng mga pransés upang malunasan at makalamâng sa katayuan?

(Ipagpapatuloy.)

BIBLIA BIBLIA
SA LAHAT NG WIKA
SA
BRITISH & FOREIGN BIBLE SOCIETY
636 Isaac Peral, Ermita.

SOMBRERERIA Y SASTRERIA

P. AUSTRIA.

Carriedo 247.

M. H. del Pilar, 409. Ermita.

Tel. 4482.

Tel. 3503.

Nagbibili ng sarisaring mga bagay para sa mga laake, gaya ng sapatos, medyas, corbata, panyô, lalong lalô na ng mga sombrero rito sa Pilipinas.

Ang pag-aalaga ng mga inahing Manok

(Sipi sa Ikasusulong ng Pagsasaka)

Kaipala'y bihirà sa mga magsasakang pilipino ang hindî nag-ukol ng pagaalaga sa mga inahing manòk. Marahil ang pagaalagà ng mga tandang at sasabungin ay may kinalaman sa pag-aalagà ng mga inahín; at ang mga ito'y hindî hulí sa pagkakailançon kapag inihahandâ sa dulang ng picing.

Gayon man, ay nananatili pa tayo sa pagbilí ng mga itlog sa China, na pinakakagugulan natin ng halagang kalahating anggaw na piso sa taón taón. Ito'y isang maliwanag na katanungan ng dî pagkasapat ng ating pagmamanukan upang magkaroon tayo ng marami't magagaling na urì ng itlög.

Yaong mga nagnanasang magsikap sa hanap-buhay na ito, ay makatataogrò ng ligaya sa isang gawaing maginhawa at kawiliwili at ng lalong mabuting pagkakataón sa pagpapayaman.

ANG DAPAT MUNANG PASIMULAN

Sa pagpili ng isang pook ra pagtatayuan ng manukan, ay hindî sápilitan, ang pumili ng isang lupang mataas ang halagá. Kung makikita ng isang lupang tuyô, hindî halumigmig, nguni't buhanginín, ay yaon ang lalong nababagay. At kung mayroon pang ilang punong kahoy ang lupà, ay lalong mabuti, sapagka't ang limí niyaon ay isang mahalagang sangkap sa pag-aalagà sa mga inahín. Kung makapipili sana ng isang pook na pahilig sa dakong timog ó timog silangán, ay lalo dising mabuti, sapagka't ang bagay na ito'y magdudulot ng kailangang sinag ng araw upang magkaroon ng likás na init ng kalinisan. Pangilagan twina ang isang lupang maputik ó lagkitin.

Kung nakatagrò na ng isang lupang pagmanukan, ay pagsikapang ang kanyang pangbunagd ay mapaharap ng kauntí sa dakong silangán ó kuya'y lantad na lantad sa dakong timog. Kung harap sa timog ay totoong mabuti kung patuloy ang tag-araw ó tag-init, nguni't pagsapit ng tag-ulán o tagginaw ay mangangailangang totoo ng sinag ng araw at kaun-

Ibig ba ninyong magkaroon ng mga maiinam na kasuutan ayon sa bagong panahon? Kung gayon, magsadya kayo sa patahian ni

ISAIAS ALVARAN
606 Azcarraga, Tondo.
MANILA.

ting pagkahilig sa dakong silangán. Ang tayóng ito ay magsasanggalang ng pangunìgad ng manukan laban sa mga hangin habagat at balaklaot ó hilagang kanluran. Kung mayroong isang mabuting parang, ito ay magiging lubhang mahalaga, sapagka't maaaring pag-anihan ng alfalfa ó mais at iba pang sereal. Napakilalang ang alfalfa ay maaaring maging saligan para sa isang pagpapakaing makabubuti sa mga manok, at ang isang manukang natatayô sa gayong pook na mapanggagalingan ng saganang halamang pagkain, ay totoong na sa magaling na kalagayan.

Bago pasimulán ang pagtatayô ng m nukan ay nararapat paka-alagatain ang suliranin ng paagusan ng tubig. Ang tubig sa ibabaw ng lupà ay nararapat umagos mulâ sa kinatatauyuan ng manukan,—at hindî patungo sa manukan—at nararapat pakaingatang ang halumigmig ay hwag manggaling sa ilalim ng lupang manukan at paibabaw sa lupà. Kung ang tubig ay naimbak sa ibabaw ng lupà ng manukan ay maliwag mapatuyô, kahit na lantad sa hangin. Ang mga langaw na pinababayaan sa lupà ng m nukan ay makapapanigayà sa buhay ng mga sisiw.

PAGTATAYO NG MGA MANUKAN.

Ang pagkakaibaiba ng kalagayan ng mga manukan ay makapagtataglay ng iba't ibang urì ng pagkakatayô at ang mga kabagayan ng singaw ng lupà ay nararapat isaalang-alaag. Hindî latin matitiyak ang pagkakaibaiba ng manukang nararapat, kung hindî makikilala ang pook at iba pang bagay na lubhang mahalaga na may kinalaman doon. Ang isang manukang ay nararapat piliin ng sangayon sa kaniyang likás na mga kabagayan, at ang magagawà namin ay ihandog sa aming mga mangbabasa ang mga mahalagang kaisipan hinggil sa kaalungan ng mga inahing manòk at iba pang urì ng pagtatayô ng manukan, na anopa't ipinaubbaya sa maiibigan ng bawa't isa ang inaakalà niyang lalong naaangkap sa kaniyang mga pangangailangang.

Ang manukan ay hindî nanangailangan maging makisig sa kaniyang kabuuan at sa kaniya mang pagkakabalankas, nguni't nararapat ialinsunod sa ilang alituntuning nararapat isa alang alang kung ninanais mítamo ang sukat hintaying kapakinabanang. Ang alituntuning ito ay ang mga sumusunod:

PACO STUDIO
1430 HERRAN

May manunuklay na walang
BAYAD.

PAGKAALIWALAS

Ang mga ibon at manók ay lubhang gu-magamit ng oksihenong tinataglay ng hangin. Walâ silang mga glandula sa balat, kailan ma'y hindî pinagpapawisan at ang tanang halumig-mig ay iniwawaksi sa pamamagitan ng hinin  a.

Tingnan ng  a natin kung makapagtatay  o tayô ng isang kanlung  an na nababagay sa talagang kalagayan ng mga ibon at manók. Dapat mag-karoon ng masaganang hangin  g dalisay at malamig upang hwag kulan  in sa kinakailang  ang oksiheno. Talastas natin na ang halumig-mig ay nanggagaling sa hinin  a na kasama ng hangin malamig, na hindî mangyayaring maig  a sapagka't nanggaling sa isang lugar na lipos ng bala-hibo o bagwis ng mga ibon o manók. Dahil dito ay lubhang kailang  an na magkaroon ng isang pook na totoong maaliwalas na maka  ali  s ng halumig-mig na ito, kung d  i gayon ang kanlung  an ay magiging halumig-mig o basabas  a.

HALUMIGMIG

Upang papanatilihin ang mga ibon o manók sa isang kalagayang mabuti at walang sakit ay kinakailangang pangilagan ang halumig-mig. Ang hangin sa isang pook ng manukan ay mapang-gagalingan ng maraming halumig-mig kung ito ay m  alapit sa lupang may kalamigan. Ang mabuting gawin sa ganitong pangyayari ay, un  an  a, siguruhin na maging tuy  o ang lupang kinalagyan ng manukan, at ikalawa, pagsikapang magkaroon ng masaganang aliwalas.

PAGPAPATUYO

Kung ang mga pangyayari ay ikabighani ng isang tao na magtay  o ng manukan sa isang lup  a na hindî tuy  o sa kinauugalian, ay nara-rapat baguhin ang lagay ng manukan na anopa't pataas  in ang kinatatayuang lup  a. Pataasin ang mga pinakadingding ng manukan hanggang sa umabot ng mga labingwalong pulgada o mahigit.

LIWANAG NG ARAW

Ang susunod na bagay na kinakailang  ang sikapin sa pag-aalag  a ng manók, ay ang nahi-hinggil sa liwanag ng araw. Ang liwanag na it  o ay d  i lamang nagbibigay ng anyong masigla at masay  a sa manukan, kundi nagdudulot pa ng isang kalinisang lik  s na makapagpapalay  o sa mga sak  t, nakatutulong sa paggamot sa sak  t ng manók kung sahaling may sak  t at nagbibibi-

Paunawa



Sino mang ibig sumuskribi rito sa, "Patnubay ng Bayan" ay sumulat kay S. G. Calder  n, 758 R. Regente, Binondo, Manila. ₱1.00 isang ta  n sa Maynila. ₱1.20 sa lalawigan.

Ang sa bawa't ta  n nagdaan ay ₡2.00.

gay pa sa kanil  a ng kaliwanagan upang makita ang mga butil sa kanilang mga paligid. Mag-karoon ng kailang  ang kristal sa kinalalagyang malapit, ngunit ang napakaraming kristal ay ikinapagiging mainit ng manukan sa boong mag-hapon, at malamig sa boong magdamag. Ang mga kristal ay mabuting tagapaghatis ng init. Kung ang isang manukan ay napakaraming kristal, ang pagpapagaw  a niyaon ay lalab  s na lubhang magugol. Dahil doon ay hindî narárapat magkaroon maliban sa isang talampakang parisukat para sa isang lugat na may labingdalawang talampakang parisukat ng lup  a. Dapat din namang sikapin na ang mga bintan  a ay m  alagay sa wastong kalagayang buk  s mul  a sa itaas at paibab  a at hindî sa mga tagiliran at ibab  a, sapagka't kung nalalagay sa mabuting ayos ay naglalagos doon ang liwanag ng araw na pumasok sa loob, na siyang nakapagpapatuy  o at nakapagpapalinis.

ANG MANUKAN

Kung itatay  o ang isang manukan ay mabuting isaalang-alang ang pook na kinalalagyan na may kinalaman sa pag-aarimuhonan at sa panahon paggaw  a. Kinakailang  an ng  a ang isang pagtitipid, na anopa't hwag masayang ang panahon at paggugugol ng salap  i.

Ang mga manukan ay mauuri sa ganitong paraan: manukang dugsong-dugsong at manukang bukod-bukod, at ang bawa't is  a sa mga it  o ay mahahati sa tatlong kalagayang sumusunod:— buk  s, napipinid at ang may tabing sa harap, at maar  i ring ilakip dito ang lahat ng balangkas na minamagaling ng isang nagpapagaw  a.

Salin ni Eusebio Daluz.

(Itutuloy)

MGA AKLAT NA KAILANGAN

MUNTING DICCIONARIO

INGLES-TAGALOG

AKDA NI

SOFRONIO G. CALDERON

— P 1.20 —

POCKET DICTIONARY

INGLES - ESPAÑOL - TAGALOG

AKDA NI

SOFRONIO G. CALDERON

— P 1.20 —

DICCIONARIO

INGLES-ESPAÑOL-TAGALOG

Con partes de la oración y pronunciación figurada.

Akda ni SOFRONIO G. CALDERON

— P 4.50 y — P 6.50

Ipinagbibili sa lahat ng Libreria at sa Libreria ni Sofronio G. Calderon.

758 Reina Regente, Binondo, Manila.

Taller de Encuadernación

NI

Sofronio G. Calderón

758 Reina Regente, Binondo.

42005

Murang tumanggap at mabuting yumari.

Gumagawa ng mga pads na gamit sa
mga páaralan at sa mga opisina.

SUNTUOSO SURTIDO
EN JOYAS DE ORO Y
PLATINO CON BRILLAN-
TES Y OTRAS PIEDRAS
FINAS

PARA SEÑORAS

PENDENTIFS,
SORTIJAS,
PULSERAS,
PENDIENTES,
BROCHES,
IMPERDIBLES,
RELOJES — PULSERA
ELGIN Y DE OTRAS
**MARCAS RENOM-
BRADAS**

Monederos de malla de oro
Vanity cases de oro, etc.

PARA NIÑAS

PULSERITAS,
SORTIJITAS,
**MEDALLAS Y GAR-
GANTILLAS**
PENDIENTES, ETC.



MAGNIFICO SURTIDO
En sortijas de brillantes
DESDE -P- 12.00 a -P- 4.000.



PARA CABALLEROS

Sortijas,
Alfileres para corbata,
Gemelos para punos,
Juegos de botónaduras,
Relojes — Pulsera,
Imperdibles para cuello,
Relojes de bolsillo, etc.

H. E. Heacock Co. -- Escolta 121-123